# Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa
Revised July 2022

## ST503 The Last Events

- ***The Last Day of the Lord***

Ang katagang *day of the Lord* ay paulit-ulit na binabanggit sa Old Testament. Ito ay naglalahad ng pagbuhos ng galit ng Diyos sa mundo bilang judgment kapag sukdulan na ang kasamaan ng tao. Kaya sa tuwing mayroong magaganap ng paghuhusga ang Lord sa kasamaan ng tao ang katagang *day of the Lord* ay sinasambit.

Sinasabi sa Isaiah 13:9-11 na ang *day of the Lord* ay mabagsik at may matinding galit upang gawing tuyot ang mga lupain sa mundo at durugin ang mga makasalanan doon. *Ang mga bituin sa langit ay hindi na magbibigay ng kanilang kinang, ang araw ay magdidilim at ang buwan ay hindi na magbibigay ng liwanag.* Parurusahan ng Diyos ang mundo sa kanyang kabuktutan at ang mga masasamang-loob sa kanilang kasalanan. Hihintuin ng Diyos ang pagkamatayog ng mga palalo at ibababa Niya ang kayabangan ng mga pusakal. Babawasan Niya nang husto ang bilang ng mga tao. *Yayanigin ng Diyos ang kalangitan at ang lupa ay manginginig dahil sa Kanyang nagbabagang galit.*

Sinasabi sa Zephaniah 1:18 na kahit pilak o maski ginto ay hindi makapagliligtas sa mga makasalanan sa araw ng Lord's wrath. *Sa pamamagitan ng apoy ng kanyang panibugho, ang buong mundo ay matutupok; magiging bigla ang katapusan ng buhay sa mundo.*

Ang description sa ibang bahagi ng Old Testament patungkol sa *day of the Lord* ay ganito: *a time of doom for the nations; destruction from the Almighty; a day of darkness, pitch-dark, without a ray of brightness* (Ezekiel 30:3; Joel 1:15; Amos 5:20).

Sa New Testament, may dalawang passages na dapat bigyang pansin patungkol sa bagay na ito. Una, sa kanyang ikalawang liham, sinasabi ni Apostol Pedro na sa mga huling araw ang mga believers ay makararanas ng panglalait mula sa mga hindi mananampalataya na sunod-sunuran lang naman sa kanilang masasamang pagnanasa, at ang kalangitan at ang mundo na sa kasalukuyan ay pinanatili ng salita ng Diyos ay naka-reserved para sa araw ng paghuhukom kung kailan ang kalangitan ay mawawala kasama ang malakas na ungol; at ang mga elemento ay lalamunin ng apoy, ang lupa at ang lahat na taglay nito ay matutupok. Ikalawa, patungkol sa tanong ng mga apostol kung kailan Siya babalik, and sagot ng Lord na taglay sa Matthew 24 ay ito: *Pagkatapos na pagkatapos ng tribulation ng mga araw na iyon, ang araw ay magdidilim, ang buwan ay hindi magbibigay ng kanyang liwanag; at ang mga bituin ay malalaglag mula sa kalangitan, at ang mga kapangyarihan ng kalangitan ay mayayanig.*

Pansinin natin ang pagkaka-pareho ng paglalarawan ng mga kaganapang laman ng *day of the Lord* sa Old at New Testament – ang pagdidilim ng araw, ang hindi pagbibigay ng liwanag ng buwan at mga bituin, ang pagyayanig ng kalangitan, ang paggamit ng Diyos ng apoy sa gagawing pagtupok sa mga lupain sa mundo. Bigyan din natin ng pansin ang sinabi ng Panginoon na *ang mga kapangyarihan ng kalangitan ay mayayanig.*

Sa liham niya sa mga taga-Ephesus, binigyang liwanag ni Apostol Pablo kung sino ang mga kapangyarihan ng kalangitan na binanggit ng Panginoong Jesus - - Si Satanas at kanyang mga kampong demonyo; mga principalities and powers of the air, mga rulers of darkness at spiritual hosts of wickedness. Ibig sabihin, may cosmic battle na mangyayari.

Sa Revelation 6 inilalahad na nang buksan ang seal ng ika-anim na scroll, isang *matinding lindol ang naganap. Umitim ang araw, nagkulay dugo ang buwan, ang mga bituin sa kalangitan ay nagbagsakan sa mundo. Ang himpapawid ay parang nilikom na banig, at ang lahat ng bundok at isla ay nawala sa kanilang kinalulugaran.*

Sa Revelation 16 sinasabi na nang ibuhos ng ika-anim na anghel ang kanyang mangkok sa Ilog Euphrates, ito ay natuyo upang maihanda ang daraanan ng mga hari mula silangan. At nakita ni Apostol Juan na *lumabas mula sa bunganga ng dragon, ng beast at ng false prophet ang tatlong maruruming espiritung hugis palaka. Sila ay espiritu ng mga demonyo na nakagagawa ng mga kababalaghan na magdadala sa mga hari ng mundo tungo sa lugar kung tawagin sa Hebrew ay Armageddon, upang makidigma sa Makapangyarihang Diyos.*

Ang maingat na pagsasalansan ng mga scripturang ito ang gagabay sa atin upang tayo ay magkaroon ng mapanghahawakang patnubay para sa ating kinabukasan, at hindi tayo manlupaypay kapag mayroon tayong mga nababalitaang mga digmaan o ano pa mang disaster na nangyayari sa iba't ibang lugar dito sa mundo. Huwag nating kalilimutan na ang ating Diyos ay hindi nawawalan ng control sa buong universe.

Ang mga natural catastrophies (lindol, buhawi, bagyo at taggutom) at mga man-made disasters (digmaan, civil unrest, economic collapse, weaponized viruses, etc.) ay nakasanayan na ng mga tao sa mundo. At ang mga gawaing kadiliman na pang-barangay (sex, violence, drug-related crimes, etc.) ay hindi na binibigyang pansin ng lipunan, at nagpapatuloy na normal part of life na sa ating panahon.

Matapos ang last blessing followed by the last harvest, ang mundo ay makararanas ng sunod-sunod na apocalyptic judgments na magwawakas sa dalawang disaster of all disasters – ang Cosmic Battle of Armageddon at ang paggunaw ng mundo sa pamamagitan ng apoy which comprise the last *day of the Lord*. However, bago mangyari ang dalawang climactic disasters na nabanggit ay magaganap muna ang last gathering of the elect dito sa mundo o ang *Rapture* (ayon sa salita ng Lord patungkol sa Kanyang second coming).

Samakatuwid, ang order of last events ay ito: a) last blessing, b) last harvest, c) apocalyptic disasters, d) last gathering, e) last day of the Lord, at finally ay f) last judgments.

## I. Multiple Choice

1. Ang *day of the Lord* ay kataga na nagpapatungkol sa
    a. Paghahari ni Cristo Jesus
    b. Pagbuhos ng galit ng Diyos sa mundo bilang Kanyang judgment
    c. Pagbabalik ng Panginoong Jesus

2. Alin sa mga pangungusap ang tama? Sa Isaiah 13:9-11, ipinahayag

a. Ang matagumpay na pagbabalik ng Panginoong Jesus
b. Ang tatamasaing pagpapala ng buong mundo
c. Ang mabagsik na galit ng Diyos at parusa sa mundo at masasamang tao dahil sa kasalanan

3. Ang buong mundo ay matutupok ng apoy at bigla ang katapusan ng mundo.
   a. True
   b. False

4. Ang paglalarawan ng *day of the Lord* sa Old at New Testament ay may similarity. Ito ay
   a. Pagdilim ng araw, paglalabanan ng mga bansa, hindi pagbibigay ng ilaw ng mga bituin
   b. Pagdilim ng araw, pagyanig ng kalangitan at paggamit ng apoy sa pagtupok ng mga lupain
   c. Pagdilim ng araw, pagdami ng huwad na mangangaral, pagputok ng mga bulkan

5. Ang order ng last events ay:
   a. Last blessing
   b.
   c. Apocalyptic disasters
   d. Last gathering
   e.
   f. Last judgments

© Revised July 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation Inc.